# *PANITIKANG PAMBATA, EDUKASYON, AT KONSEPTO NG BATA: Mga Palaisipan at Panukala*

■ ***ROSARIO TORRES YU***

Propesor ng Panitikan ng Pilipinas at Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman si Rosario Torres Yu. Premyadong manunulat, editor at tagapagsalin ng mga aklat tungkol sa panitikan, kasarian, kilusang manggagawa, kapayapaan at panitikang pambata. Kinilala ng Unibersidad ng Pilipinas ang kanyang malikhaing panulat at iskolarsyip sa panitikan sa pamamagitan ng UP Artist Productivity Award, ( 2009-2011), ang pagiging guro sa pamamagitan ng Gawad Chancellor para sa Natatanging Guro, at mga saliksik niya sa pamamagitan ng UP Centennial Professorial Chair.

Si Dr. Yu ang tapagpagtatag ng Pilandokan, Ink., isang samahan ng mga akademik sa iba-ibang pamantasan na may layuning payabungin ang interes sa pananaliksik, kritisismo at pagsusulat ng panitikang pambata sa Pilipinas. Kasalukuyang nililimbag ng UP Press ang librong hango sa mga pananliksik niya sa relasyon ng panitikang pambata at usapin ng kapayapaan. Inilathala ng Santo Tomas Publishing House ang pinakabago niyang libro, ang *Alinagnag, Panunuring Panlipunan sa Panitikan*, koleksiyon ng kanyang mga sanaysay sa panunuri at saliksik sa panitikan. Kasapi rin siya ng International Research Society for Children's Literature.

## *ABSTRACT*

This paper locates the discussion of the relationship between Filipino children's literature and the education of children in the emerging field of Childhood Studies. It identifies some of the new questions and problems in the specific areas of literary criticism and research in the Philippines with the use of the new perspective of Childhood Studies. It presents recommendations on how discourse production

may redirect and heighten interest in children's literature in the Philippines and Filipino childhood.

## *ABSTRAK*

Inilulugar ng papel ang panitikang pambata sa edukasyon ng mga bata sa diskurso ng bagong umuusbong na larang ng Childhood Studies at tinutukoy ang ilang mahalaga at napapanahong mga palaisipan o isyu kaugnay ng estado ng pananaliksik at kritisismo sa Pilipinas. Nagbibigay din ng ilang rekomendasyon kaugnay ng mga dapat na mangyari upang mapasiglang lalo ang interes sa panitikang pambata, at sa mga bata mismo.

Keywords: childhood, Education, Childrens' Literature

## *PAMBUNGAD*

Nasimulan na ang pagtalakay sa panitikang pambata sa pamamagitan ng pagtanaw sa isang pangarap—ang pagsapit ng Gintong Panahon ng panitikang pambata sa Pilipinas. Binanggit na ng Pambansang Alagad ng Sining, Virgilio S. Almario sa isang pambungad na panayam ang ilang importanteng gampanin na kailangang pagtuunan ng pansin upang mapatatag ang daang patungo sa panahong pinapangarap natin. Binanggit niya na malaking gampanin pa rin ang patuloy na edukasyon ng madla, lalo ng mga magulang at guro sa kahalagahan ng panitikang pambata. Hindi ang layuning moral ang nakikita niyang problema kundi ang mga halagahang moral na kundi konserbatibo ay kanluranin. Binanggit din niya na kailangan ng mga saliksik at kritisismo (Almario 2007).

Sa pagkakataong ito, itutuon ang pansin sa dalawang mahalagang paksa: ang panitikang pambata at edukasyon. Papaksain ang mga lalong mahalaga sa mga usapin o palaisipan na nauugnay sa relasyon ng dalawang larang ng literatura at edukasyon na pinagkakawing ng panitikan para sa mga bata. May ilang mungkahi rin tungkol sa mga nakikitang direksyon, perspektib at paksain ng mga saliksik, kritisismo at paglikha ng panitikang pambata. Sa kabuuan, ilulugar ang diskusyong ito sa diskurso ng bata/pagkabata na nabubuo sa bagong usbong na larang ng *childhood studies*.

May tatlong susing kategorya ang paksa: panitikang pambata, edukasyon at bata. Isang pahapyaw na rebyu ng mga importanteng isyu at debate sa diskurso ng bawat isa ang sumusunod.

## *PANITIKANG PAMBATA*

Madaling makita ang katunayan na minamahalaga ang mga bata sa pamamagitan ng paglikha at produksiyon ng panitikan para sa kanila at ng mga kaugnay na gawain. Nariyan ang pagkakaroon ng mga espesyal na silid-aklatan para sa mga bata, mga timpalak sa pagsulat ng kuwento at iba pang anyo ng panitikang pambata, pag-iral ng iba-ibang organisasyon at foundation para iba't ibang layuning tulad ng pagpapalaganap ng hilig sa pagbabasa, pagkukuwento para sa pagtataas ng kamalayan ng mga bata kaugnay ng mga panlipunang usapin sa kalikasan o sa lipunan, mga gawain para sa promosyon ng mga librong pambata at marami pang iba.[1]

Sa akademya, patuloy at mabilis na lumalawak at sumisiglang larang na interdisiplinaryo ang panitikang pambata sa may interes sa bata, panitikan, edukasyon, debelopment, at sa pangkalahatan, kultura. Mabulas na ang diskurso ukol dito sa Kanluran na dinodominahan ng diskursong nagmumula sa North Amerika at Western Europe.[2] Mababanggit ang ilang mga lalong kilalang iskolar at awtor tulad nina Hunt, Nodelman, Stephens, Zipes, Hollindale, Reimer, Prout, at Kehily.[3] Sa ibang kontinente paris sa Asya at sa Africa, marjinal pa ang diskurso sa bata, bagaman may makikitang patuloy na umuusbong na interes. Sa India, naipahayag na papasigla rin ang pananaliksik at pagtuturo ng panitikang pambata sa mga unibersidad at kolehyo. (IRSCL, "Bind Us Together", 2008 )

Karaniwang paksa ng pag-aaral sa panitikang pambata ang nauukol sa mga anyo o genre nito, at mga teorya sa panunuring pampanitikan na inilalapat din dito. May malaganap na tinatanggap o may nagkakaisang pagtukoy kung ano ang panitikang pambata: ang tanging klase ng panitikang ang katangian ay hinulma ng pinag-uukulan nito, ang mga bata. Ngunit ang waring napakasimpleng depinisyong ito rin naman ang pinanggagalingan ng salimuot lalo na ng "para sa" at "bata." Sa kasalukuyan, dalawang pangunahing paksain o tema ang umaakit ng malaking interes ng mga iskolar ng panitikang pambata. Tungkol ang isa sa ideolohiya at panitikang pambata samantalang ang isa pa ay sa imahen o larawan ng bata. (Joosen at Vloeberghs 2006) Sa diskasyon ng mga temang ito, binanggit nina Joosen at Vloeberghs na may makikitang impluwensyal na diskurso at may tensyon din tulad ng sa pagitan ng pedagoji at estetika. Nagpapatuloy, anila, ang sa simula pa ay nangyayaring pagkokontrahan (conflict) sa pagitan ng estetika at pedagoji na siya namang nakaimpluwensya sa mga katangian at mga pamamaraan ng pagkatha ng panitikang pambata na sa bungad ng siglo 21 ay patuloy na may bisa sa produksyon at resepsiyon ukol sa mga librong

pambata. Isa pang obserbasyon sa bungad ng siglo 21 ang nauukol sa pagtatagpo ng panitikang pambata at ng dalawang teyoretikal na pananaw at praktis sa kritisismo: ang kritisismo ng ideolohiya at ng Cultural Studies.[4] Sa Pilipinas, maituturing na mga unang sikap sa nakalathalang panunuri sa mga aklat pambata ang mababasa sa mga jornal na *Lagda, Kultura, RAP Journal, at Philippine Journal of Education* sa mga huling taon ng dekada '80 (Evasco 2010) Nagsimula na ang sikap na maglathala ng kritisismo ng panitikang pambata sa wikang Filipino at Ingles. Umaakit ng interes ang kritisismo ng ideolohiya sa panig ng mga kasapi ng Pilandokan, Inc., isang samahan ng mga mananaliksik, kritiko, at manunulat ng panitikang pambata. Binasa ang ilan dito sa Seryeng Panayam ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman noong 2009 kaugnay ng pagpapahalaga sa pumanaw noong Disyembre 5, 2007 na manunulat ng panitikang pambata na si Rene O. Villanueva. Bagaman hindi pa nakalathala sa anyong libro, at nasa eksperimental na anyo pa, nakabuo na rin ang samahan ng isang *source book* ng mga pag-aaral at kritisismo na pawang nauukol sa bata at panitikang pambata sa Pilipinas. ( Pilandokan, Konteksto at Kritisismo 2010, di nakalimbag) Nailathala din ang iba pang saliksik at kritisismo sa panitikang pambata sa mga referied international journal katulad ng *Malay Journal,* Ang Internasyunal na Journal sa Filipino, sa *Humanities Diliman* (Volume 5, Nos. 1&2, January-December 2008), *Kritika Kultura*... (February 2010), *Children's Literature in Education* (2007), *The Journal of Literature Studies* ( 2007), at *International Research in Children's Literature*, jornal ng samahang International Research Society for Children's Literature.

Manipis pa, gayunman ang mga ito upang makabuo ng mga obserbasyon. Sa taong ito, 2011, nailathala rin ang libro ni Virgilio S. Almario, Pambansang Alagad ng Panitikan at, tagapagpauna sa publikasyon ng nakalarawang kuwentong pambata ng kilalang Adarna House, at awtor din ng mga kuwentong pambata, ang *Panitikang Pambata sa Filipinas: mga gunita, tala, puna't pansin sa Kasaysayan* na isang personal na kasaysayan, sang-ayon na rin sa kanya. Bagaman isinasalaysay sa lente ng isang kalahok sa paglikha ng kasaysayan, importanteng ambag ang aklat sa pag-aaral sa kasaysayan ng panitikang pambata sa Filipinas.

Ang panitikan para sa bata ay nakakawing sa edukasyon ng bata. Kung ano ang ituturo at paano tuturuan ang bata ay bumubukal naman sa mga kaisipan at pagpapalagay o asumpsiyon ukol sa bata. Masalimuot at masigla ang debate hinggil sa pagdalumat sa bata. May dominanteng konseptuwalisasyon na siyang may malaking impluwensya sa ating pagtingin sa panitikan ng mga

bata at sa kanilang edukasyon sa pamamagitan nito. May oposisyunal din namang pagdalumat sa bata na pinanggalingan ng mga kritikal na diskurso sa panitikang pambata sa partikular, at maging sa edukasyon sa kabuuan. Alam natin ngayon na naging napakaimportante ng developmental psychology sa pag-aaral sa bata. Nadalumat nito ang mga antas ng pag-unlad ng bata (stages of development) at mga transisyon ng bata sa kanluran. Mula rito, tiningnan na ang "childhood" ay isang pagsasanay o apprenticeship para sa "adulthood" na maaaring masubaybayan sa pamamagitan ng mga antas na nauugnay sa edad, pisikal na debelopment at 'cognitive ability" (Woodhead, nasa Kehily 2004). Ang pag-agapay sa debelopment ng bata partikular sa kakayahang kognitibo ay nagagawa sa pagtuturo at isa na sa malaganap na praktis ang paggamit ng panitikan. May pagtalakay tungkol dito sa seksiyong "Panitikang Pambata."

Nag-ambag din ang sosyohiya sa pagdalumat ng bata nitong simula ng siglo 20. Sosyalisasyon ang susing konseptong dinaluyan ng pag-iisip na naging interesado sa pag-alam kung paano natutuhan ng mga bata na maging kasapi ng tinatahanang lipunan. Sa kasalukuyang pagdalumat ukol sa bata sa loob ng sosyolohiya ay pinag-uukulan ng masusing pag-aaral ang mismong konsepto ng bata. Hindi itinuturing dito na natural at unibersal ang bata, sa halip, ipinapalagay na hinuhubog ito ng espesipikong estruktural at kultural na salik ng maraming lipunan. (Jenks 2004) Sa katwiran nina James at Prout, "the immaturity of children is a biological fact of life but the ways in which it is understood and made meaningful is a fact of culture." (nasa Kehily 2005:8) Sa freymwork ng konstruksiyon ng bata at ng sosyalisasyon pumapasok ang diskurso sa literaturang pambata bagaman maaari ring nanggagaling ito sa ibang pagdalumat sa kultura at sa teorya sa panitikan mismo. May pagtalakay ukol dito sa susunod na bahagi.

Samakatwid, matatag na nailatag ng nabanggit na mga partikular na direksiyon ng pagkokonsepto ng bata sa larang ng sikolohiya't sosyolohiya at literaturang pambata ang kaugnayan ng panitikan sa edukasyon ng bata.

## *EDUKASYON SA PANITIKANG PAMBATA*

Kasali ang panitikang pambata sa larang at praktis ng edukasyon dahil sa malaganap na tinatanggap na pag-iisip na may bisa at mabisa ang panitikang pambata na daluyan, kasangkapan, lalagyan, o pamilihan (depende sa eskuwelahan ng kaisipang tinatanganan) ng pagkatuto at ng pagsasanay ng mga kakayahan paris halimbawa ng literacy, numeracy at mga kaalaman,

halagahan, kaugalian at iba pang mga bagay. Sang-ayon sa mga rebyu sa pananaliksik kaugnay nito, pinagtitibay ng mga pananaliksik sa loob ng maraming dekada na hindi lamang nagbibigay ng aliw ang mga librong pambata kundi maaari ring may malaking kinalaman sa tagumpay sa akademiko, sosyal at literasi ng mga bata. (Hoeswich) Sa isa pang pag-aaral, (Martinez at McGee 2000) tinutukoy sa isang bahagi ang mga pangyayaring dahilan kung bakit lalong naging mahalaga ang panitikan sa pagtuturong bumasa sa Amerika. Sang-ayon dito:

> Beginning in the late 1970s and continuing into the1990s, at least three movements led in part by teachers put literature center stage in reading and writing instruction:(a) the reading-workshop approach to reading instruction,(b) shared reading of predictable Big Books,and (c) whole language. The reading-workshop movement emerged from efforts of teachers such as Atwell (1984, 1987), who borrowed theory and technique from the writing process movement. (p. 9)

Sa iba pang pagrepaso sa kasaysayan ng paggamit ng literatura sa edukasyon, binabanggit ang higit na masaklaw na paggamit ng panitikan sa pagtuturo. Sang-ayon dito, sa pagitan ng mga taon ng dekada '80 at '90 lumaki ang interes sa pananaliksik sa panitikang pambata sa Kanluran kaugnay ng "literature-based curriculum movement", bukod sa nagbigay-daan ito sa pagdami ang mga nalathalang librong nagamit ng mga guro sa elementarya. Ang panibagong interes sa pananaliksik na ito ay nagsuri sa literaturang pambata, sa kung paano tumutugon ang mga bata sa librong binabasa nila, sa kung ano at paano ang gamit ng literatura sa klasrum at habang dumarami at nagpapatuloy ang pananaliksik, ginamit ang higit na mga sopistikadang metodolohiya at komplikadong argumentong teoretikal, gayundin ng mga komplikadong problemang sinaliksik. (hango sa Handbook of Reading Research, Vol.III, http://www.readingonline.org/past/pastt-index.asp.?HREF=/hoeswitch/index.html, July 7, 2011)

Bukod sa mga nabanggit nang lugar ng panitikan/panitikang pambata sa pagtuturo ng pagbasa, at iba pang kasanayan, importanteng banggitin ang pinag-uugatan ng mga pagpapalagay ng kahalagahan nito sa edukasyon ng mga bata sa mga teorya sa edukasyon, partikular ang social constructivism na nanggaling kay Piaget, sa socio-cultural theory na dinebelop ni Vygotsky, at sa teorya sa diskurso na kilalang social constructionism.

Karaniwan nang kilalanin na naging napakamaimpluwensiyang teorya ni Jean Piaget, Swisong developmental psychologist, partikular ang kanyang developmental stage theory sa edukasyon ng mga bata. Sang-ayon sa pinakabuod ng teoretikal na ideyang ito, ang mga unang pag-unlad ng bata ay makikitang isang natural at unibersal na proseso ng papasulong na pagbabago o mga antas, sa kakayahang pisikal, mental, kognitibo, sosyo-emosyunal, at moral. Ang teorya niyang ito, ay masiglang tinanggap ng mga nagteteorya sa edukasyon at nagpaplano ng kurikulum. Ito rin ang naging dominanteng freymwork sa pag-aaral at pag-unawa sa bata. (James at Prout, 1997; Prout, 2005) Bukod dito, naging importante rin ang ideya niya ng kung paano natutulungan ang mga bata na maunawaan at mag-isip tungkol sa kanilang mundo sa pamamagitan ng proseso ng akomodasyon at asimilasyon ng mga panlabas na modelo. (Encylopedia of Early Childhood Education 2007: p. 990)

Sa pormulasyon ng social constructionism na naka-angkla sa ideya ni Vigotsky na ang isip ng tao ay sosyal muna bago indibiduwal at sa kahalagahan ng kontekstong panlipunan sa pagkatuto, (Encylopedia of Early Childhood Education 2007: 781-782) mahalaga ang sosyal na interaksiyon at may bisa ang mga kultural at panlipunang mga proseso sa pagkatuto at pag-unlad. (Vygotsky 1978). Isa pang importanteng ideya ni Vygotsky ang may kinalaman sa imahinasyon ng bata, na naghihimatong sa mga nasa gawain ng edukasyon na gamitin ang literatura sa pagtuturo.

> According to Lev Vygotsky, imagination is a new psychological process for the child; it represents a specifically human form of conscious activity. It arises first in the guise of play, which is imagination in action. (Encylopedia of Early Childhood Education 2007: 990)

Sa pagtalakay naman ni Jenks sa bisa ng developmental psycholoy sa pagdalumat sa bata, may bahid ng pagpuna sa lumaganap na ideyang nagmula rito na lahat ng bata ay may kakayahang kognitibo na nalilinang sang-ayon sa unibersal na pagkakasunod-sunod o universal sequence ng pag-unlad ng tao. Tinukoy ni Jenks ang ideya ng pag -unlad na ipinapalagay rito at ang naging bisa nito sa pagtuturing sa bata:

> Development psychology is wholly predicated on the notion of childhood's 'naturalness' and on the necessity, normality

> and desirability of development and constructive change through 'growth. Children are thus routinely constructed as partially rational -- that is, in the process of becoming rational." (79)

Ang pinakabuod ng mga normatibong pagpapalagay na ito, sang-ayon pa rin kay Jenks ay isa nang ortodoksiya na sa kasalukuyan ay ipinapalagay naman niyang naisasalya na ng kritikal na teorya at ng feministang teorya ukol sa pamilya. Hindi ko pakay na pumaloob sa mga debateng ito na hindi naman larang ng sumulat ng papel na ito. Binabanggit lamang ito para makitang may nangyayaring paghamon sa mga tinatanggap na o naipalaganap na mga ideya at pagpapalagay ukol sa bata at ito namang pangyayaring ito ang sa palagay ko ay nagbubunsod ng mga bagong pag-unawa, at sa kalaunan ay bagong praktis, marahil, maging sa panitikang pambata. Masusi ang pagtalakay tungkol dito sa "Childhood Studies and the Impact of Globalization: Policies and Practices at Global and Local Levels," sa *Routledge World Yearbook of Education*, 2009.

May pagpapalagay din na kinokonstrak ng literatura ang mga bata sa isang tiyak na kaligirang pangkultura't panlipunan. Inaagapayanan ng mga dalubhasa't may interes sa panitikang pambata ng saliksik at kritisismo ang panitikang pambata na ang tuloy-tuloy na paglalathala ay nagagawa sa ilang akademikong journal na kilalang may mataas na kalidad ng iskolarsyip. Ilang halimbawa sa mga mas nauna't matatag na ang *Children's Literature in Education, Children's Literature, at Lion and the Unicorn*, at sa mga bago, ang Bookbird (A Journal of International Children's Literature) na inilalathala ng International Board on Books for Young People, The Looking Glass: New Perspectives on Children's Literature, Juli na isang bagong internasyunal na magazine para sa interdisiplinaryong saliksik, at ang International Research Society for Children's Literature Journal na pinamamatnugutan ni John Stephens. Sa libro, maidaragdag sa mga pagsisikap ang paglalathala noong 2009 ng *Fundamental Concepts of Children's Literature Research, Literary and Sociological Approaches* ni Hans-Heino Ewers. May mga elektronikong sources din na nauukol sa pagtuturo ng panitikang pambata sa andergradweyt at gradweyt na mga programa at sa paggamit ng literaturang pambata at pagtuturo ng mga batayang kasanayan sa pagbasa at pagbilang. Isang halimbawa nito sa ngayon ang isang site para sa kolaborasyon ng pagtuturo ng panitikang pambata sa klasrum ni Denise Johnson ng University of Arkansas (http://www.readingonline.org, accessed March 21, 2009). Ginagamit din ang panitikang pambata upang saklawin ang halos lahat ng

naiisip na maaaring kailangan ng mga bata para sa kanilang pag-unlad o kaya naman ay para sa pagharap nila sa iba't ibang sitwasyon o karanansan. Halimbawa, sa paggagalugad sa internet, may libro pala para sa namatay na alagang hayop na *Remembering Pets: A Book for Children Who Have Lost a Pet* (2001), *Teaching About Disabilities Through Children's Literature* (Prater and Dyches 2008), *The Child That Books Built, Children's Books That Nurture the Spirit*, (www.etfo.org accessed March 21, 2009), at marami pang ibang paksa.

Sa Pilipinas, hindi na rin nahuhuli sa pagkakaroon ng ganitong mga paksa ng mga kuwentong pambata. May mga kuwento na tungkol sa batang may iba't ibang kapansanan o di kaya ay problemang pangkalusugan ("Ang Madyik Silya ni Titoy", "Ang Tahimik na Mundo ni Bunso", "Filemon Mamon", "Sandosenang Sapatos", batang lumalaki sa pamilyang malayo sa ina o ama dahil sa overseas work ng mga magulang ("Uuwi na ang nanay kong si Darna", "Nasaan si Nanay, Nasaan si Tatay?), batang hiwalay ang mga magulang ("Mama's House, Papa's House"), batang walang kinagisnang ama ("Imbisibol Man Ang Tatay", 'Junior") batang biktima ng digmaan sa kanayunan ("War Makes Me Sad,", "Ang Mundo ni Leo") batang manggagawa ("Jamin, Ang Batang Manggagawa") batang ampon ("Little Bear Goes Home: A Love Story,") at marami pang ibang sitwasyon ng batang Filipino. Sinasabi ng mga pangyayaring ito sa paglalathala sa loob at labas ng bansa na matatag ang lugar ng panitikang pambata sa edukasyon ng mga bata.

Ang pananaw na isang konstruksiyon ang bata ay nai-eextend naman sa pag-iisip na may bisa ang panitikang pambata sa konstruksiyong sosyal ng mga bata. Sa pinakapangkalahatang pag-intindi rito, tinutukoy ang paniniwalang may bisa ang panitikang pambata sa pagtuturo ng mga ugali't halagahang pinapaboran at itinatampok sa isang kultura at sa lipunan sa tiyak na panahon. Kaya naman kinukuha ng mga pabliser ang serbisyo ng mga eksperto sa pagbasa at sa edukasyon ng mga bata bilang "reviewer" ng mga manuskritong ilalathala, isang praktis dito sa Pilipinas na karaniwan nang batid ng mga kasali sa produksiyon ng librong pambata. Dito rin kumukuha ng katwiran ang pag-iral ng "kulturang teksbuk sa panitikang pambata" na pinupuna ni Evasco na pagtuturing sa panitikang bata bilang gamit sa pagtuturo at naisasaisantabi na ang paglinang sa pagbasa ng mahuhusay na kuwentong magugustuhan ng mga bata dahil umaakma sa kanilang iba't ibang pangangailangan (2007). Nanggagaling pa rin sa sosyolohikal na approach na ito ang pagpapalagay na importante sa pagmomodelo ng

mga panlipunang kilos ang mga tauhan sa panitikang pambata kung kaya kailangang maingat upang pamarisan lamang ang "mabuti" o "katanggap-tanggap;" mga konseptong nagsasanga-sanga naman ng mga bagong isyung kaugnay ng kasarian at sekswalidad, uri, at usapin sa kalikasan, bilang ilang halimbawa ng mga ito. Nangyayari ito sapagkat kung ano ang mabuti at katanggap-tanggap ay nakalugar sa usapin ng ideolohiya at kapangyarihan. Hindi ang mga batang mambabasa ang nagsasabi nito kundi ang mga nakatatandang gumaganap ng tungkulin o gawain ng pagpapalaki at pagtuturo at pagkalinga sa mga bata tulad ng mga magulang, guro, taong simbahan, gobyerno, paaralan, mga asosasyon, kilusang panlipunan, media, at iba pang institusyon sa lipunan. Sa hanay ng mga nakatatanda, na may tinatanganang posisyon at paniniwala, magkakaiba't nagkokontrahan ang ideya ng kung ano ang mabuti at katanggap-tanggap.

May makukuhang kaalaman tungkol dito sa mga nagawang pag-aaral sa Filipinas sa mga tesis at disertasyon ukol sa mga nakalathalang panitikang pambata at sa sinasabing bisa nitong humubog ng mga halagahan at pag-uugali. (Socco, 1986; Soriano, 1997; Aquino, 1991; Barrozo, 1998; Esguerra, 1996, 2008). Sa kalakhan ng mga pag-aaral, pinagtuunan ang mga halagahang makakatas sa mga nakalathalang panitikang pambata, lalo na ang mga lathala ng Adarna Publishing House sa pamamagitan ng content analysis. Pinakamasaklaw sa mga binanggit ang pag-aaral ni Aquino na "Values as Reflected in Philippine Children's Stories from 1960-1989". Batay sa pagbasa ng 625 na kuwentong pambata sa wikang Ingles at Filipino, natuklas niyang positibo at mahalaga ang mga halagahang itinataguyod sa mga kuwento. May implikasyon, kung gayon, na nagagampanan ng panitikang pambata (pangunahin na sa anyo ng kuwentong pambata) ang "pagtuturo" ng mga halagahang kasama sa Basic Education Curriculum (*DeEdd Primer Philosophy of the Curriculum* 2002: 7) sa bansa katulad ng makabayan, makatao, makakalikasan at makadiyos.

Ang kabilang mukha ng pananaw na kinokonstrak ng panitikan ang bata ay nagpapakita ng pagtanggi sa kinasanayan, lalo na sa mga representasyon ng kasarian, ng relasyon sa loob ng pamilya, ng mga nagbabagong halagahan. Matingkad ang usapin ng kasarian sa panitikang pambata bunga ng mabulas na kritikang feminista sa Kanluran. Mababanggit ang obserbasyon ni Zipes tungkol sa ginagawang mga bagong texto ng mga *retelling* ng mga popular na literary fairytales sa Kanluran. Kritikal ang posisyon ng feministang teorya't paninindigan ukol dito. Naging malakas ang pagkontra sa "gender stereotyping" ng mga batang bumabasa ng mga klasikal na

fairytale. Gamit ang kritikal na teoryang feminista, muling isinasalaysay o di kaya ay nirerebisa ang ilan sa lalong popular na tradisyunal na feriteyl upang rebisahin ang seksistang diskurso ng fairytale sa pamamagitan ng pagrere-imahinasyon sa naiibang relasyong pangkasarian. (Crew 2002). Sa panunuri ni Crew sa mga gawa ni Donna Jo Napoli na muling pagsasalaysay ng mga tradisyunal na fairytale (*Beast, Crazy Jack, The Magic Circle*), tinukoy niya na nagtatagumpay ito na magawa ang kinakailangan: "retain the magic of the traditional tales (she chooses to tell) while providing young people with opportunities for critical dialoguing about gender and values." (93). Importante ito sapagkat naobserbahan na at pinuna na hindi sapat na palitan lamang ang antas ng representasyon ng kuwento upang rebisahin ang kumbensyong nagdadala ng diskursong patriyarkal. Lalong mabisa ang pagkakaroon ng alternatibong diskurso at pagbibigay nito sa paraan ng pakikipagdiyalogo ng diskursong patriyarkal sa iba pang diskursong alternatibo. Nabubuo na rin ang tinatawag na estratehiyang feminista sa pagkatha na nagbibigay ng tinig, ahensya, at sabjektiviti sa mga dati-rati'y pinatahimik at itinuring na obheto.[5]

Isa pang kritikal na tinig ang pumupuna sa nakagawiang pokus ng talastasan sa panitikang pambata na laging nakapako sa kung anong mga mensahe ang dapat na matanggap ng mga bata. Naipahayag na ito ni Almario sa kanyang talumpating tinukoy dito at ni Evasco sa kanyang di nakalathalang disertasyon (2007) at ang posisyon nilang suriin ang mga ito sa pagsasaalang-alang sa pagbibigay ng tinig sa bata at sa klase ng lipunang mainam para sa mga bata.

Tungkol sa nangyayari sa produksyon ng panitikang pambata sa kanluran sa ngayon, may obserbasyon si Hunt na nagsasabing hinahatak sa iba-ibang direksiyon ang mga imahe't modelo. Napupuna rin niya sa nangingibabaw na perspektib ng pagiging bata sa lipunang ito ang isang kabalintunaan na samantalang sinasabing ang pagiging bata ang huling *refuge*/kanlungan, wala namang masusulingan ang batang ito dahil dito ang bata ay nagiging isang konsumer na pinagsasamantalahan:

> Children's books have always been about the aspirations of adults for children- about offering models and images; and as ever, the images offered now pull in different ways. One acknowledges the postmodern world, and shows childhood, paradoxically, as the last refuge of a collapsing society; but the child as constructed here has nowhere to go: adulthood is not a state to aspire to. And yet, childhood is being devoured

> by commercial media, 'commercial writing', with its cross - media marketing, sees the child as consumer, and is obviously deeply involved in moulding a childhood which it then exploits. (Hunt nasa Kehily 2005:55-56)

Lagi nating ipinaalala sa sarili na ang mga ganitong pagsusuri ay nakabatay sa karanasang global at bagaman kinikilala nating posibleng nangyayari na rin ito dito sa atin dahil sa nakakawing tayo sa ekonomiyang global, maaari namang ipagpalagay na hindi nito natutukoy ang kabuuan ng ating karanasan dahil na rin sa partikularidad ng ating lokal na kondisyon. May mahusay na pagsusuri tungkol dito si Prout sa kanyang librong *The Future of Childhood* (2005).

### *PAGDALUMAT SA BATA: MGA PAKAY AT PALAISIPAN*

Bakit ba tayo laging nagsisimula sa itinuturing na diskursong pandaigdig na madalas sa hindi ay mula sa Kanluran?

Nakaugalian na itong pamamaraan sa talastasang pang-akademiko. Laging dapat na mailugar ang pagtalakay sa diskursong nabubuo para maipakita na nasa panahon at makabuluhan. Sa partikular na pagkakataong ito, may isa pa akong nakikitang mainam na dahilan upang gawin ito. Sa paninging pahambing, nailulugar natin ang ating diskurso sa konteksto ng pandaigdig at sa gayon ay maaari nating makita o maaninaw ang direksiyon ng ating pagdalumat at praktis, ang mga puwang na kailangan nating mapunan, ang mga debate na kailangan o di kaya ay gusto nating salihan, ang mga paglihis na kailangan nating umpisahan, hindi lamang bilang mga ehersisyong akademiko. Lalo't higit, dahil makabubuti ang mga gawaing ito sa pagbubuo ng mga kaalaman, at pagdalumat na importante ngayon, sa mga gawain ng paglikha ng panitikang pambata at pagtuturo sa mga bata sa pamamagitan ng panitikan.

Sa palagay ko lamang naman, masasabi nating naging napaka-impluwensyal ng ilang pagdalumat sa panitikang pambata at sa papel nito sa edukasyon ng bata mula sa diskurso sa Kanluran sa ating praktis sa paglalathala at pagtuturo. Ang development psychology, partikular ang impluwensya ni Piaget at sumunod ay ni Vygotsky ang siya ring madalas nating naririnig na mga preymwork ng mga nagtuturo sa bata. Ang "constructivist" na eskuwela ng sosyalisasyon ng bata sa larang ng sosyolohiya, partikular ang mga pormulasyon nina James at Prout, na sinasalihan na rin nina Woodhead

ay may mga tagasunod na rin sa ilan nating akademik na nananaliksik ukol sa batang Filipino.[6]

Lalong mahalaga, sa pahapyaw na pagtalakay sa sinusundan, sa ating palagay na malaman din natin ang ilang bagong debelopment sa pagkokonsepto sa bata na malinaw namang siyang nagsisilbing ugat na bumubuhay sa iba't ibang klase ng panitikan at pagtuturo sa mga bata sa isang kultural na konteksto. Ibig salungguhitan dito na ang konsepto ng bata na may kasaysayan, may sosyolohiya, may ekonomiya at politika ang pinag-uugatan. Paris ng nililinaw sa diskurso ukol dito, karaniwang ang mga konseptong ito ay tinatanggap na lamang na natural at unibersal. Maraming importanteng implikasyon ito, paris halimbawa na lamang ang may kinalaman sa patakaran at praktis ng kalinga at proteksiyon ng bata. Naobserbahan na, na hindi akma ang unibersal na konsepto ng bata na "an autonomous individual with rights based on modern Western concept of self" isang "idealized western sense of self" sa pag-iral nito kaugnay ng internasyunal na diskurso sa bata na nakapaloob din sa mga programa at patakaran ng United Nations. (Burr, nasa Kehily 2005)

Nangyayari rin ang muling pagmumuni-muni na ito sa loob ng bagong diskurso ng 'Childhood Studies' (Prout 2005). May lumalakas na tinig kritikal sa dominanteng diskurso ng bata na nagsasabing:

1. May lumalaking diskontento sa kung paano tinutukoy ang bata at sinusukat, mga pagdalumat at praktis na dinodominahan ng diskursong binuo at binubuo sa Amerika at kanlurang Europa,
2. May napakalakas na pagpuna na ginagawa sa kasalukuyan sa loob ng mga disiplina ng at maging iyong tumatawid ng early childhood education, developmental psychology, history, cultural studies na nagpapanukala na magkaroon ng diyalektikal na pag-unawa sa lokal at global na pagkabata (2009 Routledge World Yearbok of Education 24).

Dahil sa resulta ng mga pagkritik, muling pag-dalumat at patuloy na pananaliksik, matutukoy mula sa mga pagtalakay at talastasan ukol sa paksa na umiiral ngayon ang iba-iba at nagkokontrahang konsepto ng bata tulad ng:

1. Magkakaiba ang mga bata
2. Inosente/walang muwang ang mga bata, wala pang alalahanin
3. Pasibo ang bata

4. Biktima ang bata
5. Aktibong panlipunang ahensya ang bata
6. Naglalaho na ang pagkabata (o nawawala na ang hangganan ng pagiging bata at matanda)

Mahalaga rin ang perspektib at posisyon na nangangatwirang pag-aralan ang pagtatalaban ng unibersal/global na diskurso at ng lokal upang mapalitaw ang mga insayt sa kung paanong tumutugon ang iba-ibang bansa sa kontemporanyong politikang global na humuhubog sa mga lokal na bata. (Fleer, Hedegaard, Tudge 2009)

Binibigyan tayo ng mga impormasyong ito sa kasalukuyang nangyayari sa kabuuang diskurso ukol sa bata at maging ng partikular na diskurso ng panitikan at edukasyon ng bata, ng ilang mga palaisipan, samantalang nagbibigay din ng hiwatig sa mga maaaring maging direksiyon ng ating pananaliksik, pagtuturo, at paglikha.

Alanganin ang pakiramdam sa pagsasalin lamang mula sa Ingles ng ilang mga salita kaugnay ng gawain ng iskolar na Filipino na bumuo ng sariling diskurso. Halimbawa na lamang ang *childhood* at *adulthood*. Nakakaasiwa na isinasalin ito ng bata o di kaya ay pagkabata o pagiging bata o kabataan. Sa diskyunaryo-tesauro ni Panganiban (1970) may iba-ibang kahulugan ang salitang bata sang-ayon sa kung ito ay pangngalan o pang-uri. Sa pagtukoy sa papel na ito, malinaw ipinaiiral ang kahulugan ng bata na (Hlg. Mar.Sb.SL.Tg. Png.) (child) na maaaring sanggol, ninya, ninyo, anak, ubing, budak, kanak-kanak at ogaw. Mga kasingkahulugan ng mga ito ang paslit, musmos, mura. May kahulugan din ang salitang bata na alaga, protekido, at may kaugnayan din sa mga salitang *sustentuhin, pakainin*. May kahulugan din itong nobya, kasi, kasuyo, kerida, kalaguyo, kulasisi, kalunya. Binabanggit lamang ito upang pukawin ang pansin natin sa lawak at saklaw ng mga kahulugan na natatambad kapag isinasaalang-alang ang mga kultural na konteksto ng mga katawagan. At ang maaaring dalahin nitong implikasyon sa ating pag-unawa. Gayon din ang "adulthood" na isinasalin na may edad, matanda, husto ang isip, maalam. Mahahalata agad natin ang mga magkakatambal na magkataliwas dito: bata/matanda, bata/may edad, batang isip/ husto ang isip, walang muwang/ may muwang, musmos/may gulang (o magulang na may kahulugang maalam, mapanlinlang, madaya). Ang gustong sabihin, harapin natin ang ating diskurso sa batang Filipino sa paglalatag ng mga pag-unawa natin ukol sa bata sa konteksto ng ating kultura. At kapag sinabi nating kultura, tinutukoy natin ang iba-ibang espasyong sentro at urban,

bayan at lalawigan, kabundukan at kapatagan na kinaroroonan ng mga bata. Isinasali rin dito ang iba-ibang panlipunan at pangkabuhayang kondisyon sa mga lugar na ito na kinalalakhan; ang tumutugma sa espesipikong realidad ng mga bata. At sa ating haka-haka, sa huling pagtitimbang, kung ano ang makakatulong sa pag-unlad ng mga bata na nagsasaalang-alang sa kanilang mga iba-ibang konteksto. Maging itong nosyon ng "pag-unlad" ay magkakaiba-iba kumporme sa pinaniniwalaang konsepto ng bata. Isinasali rin dito ang mga edukasyon, teknolohiya, kapaligiran at iba pa. Sa bunton ng mga pagkakaiba-iba, maaari sigurong matukoy ang umiiral na mga pagdalumat sa batang Filipino. At sa sandaling magawa ito, sa pagtutulong-tulong ng mga nasasangkot, higit nang malalaman kung anu–ano ang ginugusto ng mga namamahala sa edukasyon at pagkalinga sa mga bata sa Pilipinas at sa gayon ay masusuri natin ang bisa o kawalan nito sa mga bata.

Sa madaling salita, iminumungkahi na bumuo tayo ng diskurso ng batang Filipino na naiimpormahan ng perspektib ng umaangat na kritikal na pag-bubuo ng kaalaman ukol sa bata sa loob ng Childhood Studies. Bumuo tayo ng diskursong magpapalitaw sa mga espesipikong konsepto ng bata at mga karanasan nila samantalang krinikritika ang mga diskursong ito. Kaugnay nito, alamin at pagtalunan natin kung ang representasyon at pag-iimahen na ginagawa ng literaturang pambata, at mga nakapaloob na layuning pansosyalisasyon at pedagohiya sa lokal at global na antas ay umaagapay sa mga malalaking pagbabago sa buhay ng mga batang Filipino paris halimbawa ng pagbabago ng lugar ng bata sa pamilya na resulta ng transnasyunalisasyon ng pag-aalaga o *caregiving* na binuksan ng migranteng domestikong paggawa ng mga kababaihan sa nagaganap na globalisasyon. (Carandang at Lee-Chua 2008, Parreñas 2006) Sikapin nating bumuo ng mabulas na diskurso ng bata dito sa atin. Sa umpisa, kailangan natin ng:

- integratibo at kritikal na pagsusuri sa mga pag-aaral na may kaugnayan sa mga bata mula sa iba-ibang disiplina dito sa Pilipinas, ukol sa batang Filipino;
- kasaysayan ng konsepto ng bata sa Pilipinas;
- sosyolohiya ng bata sa Pilipinas;
- sikolohiya ng bata sa Pilipinas;
- mabulas na produksyon ng panitikang pambata;
- pananaliksik ukol sa panitikang pambata na may interdisiplinaryong perspektib;
- kritisismo ng panitikang pambata.

Mula sa karanasan ng pagdadalumat sa global na antas, sinasabi sa atin na hindi na nakasasapat ang oposisyunal na tambalan upang maintindihan ang bata/pagiging bata sa nagbabagong kontemporanyong lipunan. Sinasabi rin sa atin na importanteng mapanatiling laging bukas ang usapin ukol sa bata. Sinasabi rin sa atin ng diskurso ng bata na umaangat na ang kamalayan ng pagkakaiba-iba ng bata sa totoong buhay at materyal na kalagayan. Sinasabi rin nito na tinitibag at binabago ng globalisasyon ang mga panlipunan at pangkabuhayang kapaligiran ng bata at dulot nito, ng mga bagong konstruksyon na nagpapakitang ang bata ay aktibong kasali sa panlipunang pamumuhay. Kung gayon, palayain natin ang ating mga isipan at damdamin mula sa mga kahon ng mga luma't hindi na umuubrang mga pagdalumat nang sa gayon ay malikha ang panahon at pagkakataong kasama na natin ang mga bata sa pag-iisip ng pagbabago at pagsasakatuparan nito.

## *ENDNOTES*

[1] Kung may katunayan nito, hindi rin naman maikakaila na may mga katunayang nagpapahiwatig na hindi ganap o lubos ang pagpapahalagang ito sa mga bata sa konteksto ng kasalukuyang kalagayan ng pamumuhay sa Pilipinas. Madali rin namang makita ang mga batang lansangan sa mga kalsada, ang mga batang namumulot ng basura o kalakal kung tawagin nila, ang mga batang madaling araw pa ay naglalakad na sa lansangan para pumasok sa eskuwela dahil sa dalawa o tatlong *shifting* sa pampublikong paaralang pinapasukan nila dahil sa kulang ang mga paaralan at guro. Binabanggit ito upang hindi ipagpalagay na sinasabi sa papel na ito na ganap na ganap ang pagpapahalaga sa mga bata at sa kanilang edukasyon.

[2] May mga naipahayag nang pagpuna o obserbasyon kaugnay nito. Pinupuna na may bisang mapanlahat o unibersal ang mga pagdalumat ukol sa bata at mga kaugnay na paksa gayong nakabatay ang mga ito halos sa karanasan at kaligiran ng bata sa mga bansang ito ng Kanluran. Kung kaya, matuwid ng pagpuna, naikukubli nito ang realidad na may magkakaibang pagkabata o pagiging bata o ang *diversity of childhood*. Mababasa ang banggit sa ganitong posisyon halimbawa sa *Childhood Studies, An Introduction* (2004) na pinamatnugutan ni Mary Jane Kehily, sa *The Future of Childhood* ( 2005) ni Allan Prout, at sa introduksyon ng editor ng serye sa World Yearbook of Education (2009) na may pokus sa "Childhood Studies and the Impact of Globalization: Policies and Practices at Global and Local Levels."

[3] Narito ang ilang halimbawa ng mga libro ng mga binanggit na istandard na babasahin sa pag-aaral ng literaturang pambata: Hunt, Peter. *Understanding Children's Literature* (2005), Stephens, John. *Language and Ideology in Children's Fiction* ( 1992), Nodelman, P. and Reimer, M. (2003, 1992) *The Pleasures of*

*Children's Literature*, Third edition. Zipes, J. (1991, 1983) *Fairy Tales and the Art of Subversion.*

[4]Sa pagtatagpong ito, tinitingnan nina Joosen at Vloeberghs na nakinabang ang kritisismo ng panitikang pambata, gayundin ang produksyon nito. Binigyang puwang ng Cultural Studies ang sersyosong konsiderasyon sa mga marjinal na anyo ng ekspresyong kultural paris ng panitikang pambata, at sa loob nito ang lalo pang di pinapansing popular na piksyon o ang serye ng piksyon para sa kabataan. Gayundin, naibalik ng Cultural Studies ang politikal na dimensyon ng kritisismo ng ideolohiya. Sa kabilang banda, naitutuon ng kritisismo ng ideolohiya ang pangangailangan para sa mga pamantayan o criteria upang masabi kung ano ang panitikan habang ang pagtingin sa panitikang pambata na isang penomenong sosyo-kultural ay humahango sa Cultural Studies ang mataas na antas ng *self-reflexivity* na nagbibigay-daan sa pagiging mapagduda sa anumang kritisismo ng ideolohiya na nagsasabing ito ang nasa tamang position. Basahin ang diskasyon nila sa *Changing Concepts of Childhood and Children's Literature*, UK: Cambridge Scholar's Press, 2006.

[5]Tinatalakay ang mga pakay at pamamaraan ng feministang pagkatha ng panitikang pambata, lalo na sa anyong muling pagsasalaysay o retelling sa mga papel na: "Feminism Revisited," ni Lissa Paul, nasa Hunt, ed *Understanding Children's Literature*, 2005, "Ella Evolving Cinderella Stories and the Construction of Gender-Appropriate Behavior," *Children's Literature in Educatio*n (Vol.35, No.2, June 2004), "Spinning New Tales from Traditional texts: Donna Jo Napoli and the Rewriting of Fairytale," *Childrens' Literature in Education* (Vol. 33, No. 2, June 2002).

[6]Sa publikasyon ng University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies at UNICEF na *Handbook for Social Workers on Basic Bio-Psychosocial Help for Children in Need of Special Protection* (2004) nina Protacio-de Castro, E., et al. ay ginagamit ang perspective na ito.

## *BINANGGIT NA SANGGUNIAN*

Almario, V. "Mga Gampanin para sa Kaunlaran ng Panitikang Pambata," Talumpati sa Unang Kumperensya sa Panitikang Pambata, NCCA-DFPP. Pulungang Claro M. Recto, U.P. Diliman, Quezon City. 25 July 2007. Address.

Atherton J. S. *Learning and Teaching; Piaget's developmental theory*. 2005. Web. 8 July 2011. [On-line: UK] <http://www.learningandteaching.info/learning/piaget.htm>.

Barrozo, Olivia. "A Content Analysis of Storybooks Published by Adarna, Cacho and Walt Disney for Children 1 to 10 years old and Survey Among Parents, Teachers, and Grade School Pupils on their Storybook Preferences, Values Found in Present Storybooks, and the Values that They Consider Important". M.A. Thesis. College of Mass Communication, U of the Philippines Diliman, 1988. Print.

Burr, R. “Children’s Rights: International Policy and Lived Practice,” in Kehily, M.J. ed *Introduction to Childhood Studies.* New York: Open University Press, 2004. Print.

Carandang, L. and Q. Lee-Chua. “The Filipino Family Surviving the World” in *The Psychology of Pinoy Families*. Manila: Anvil Publishing Inc., 2008. Print.

Crew, H. “Spinning New Tales from Traditional Texts: Donna J. Napoli and the Rewriting of Fairy Tale,” *Children’s Literature in Education*. Vol. 33, No. 2, June 2002. Print.

Department of Education and Science. *DepEd Primer on the 2002 Basic Education Curriculum*, 2002. Print.

Esguerra, Carmela H. “Isang Pag-aaral sa Halagahang Pilipino na Masasalamin sa mga Kuwentong Pambata sa Tagalog na Nagwagi sa Palanca Mula 1989 Hanggang 1995. B.A. Tesis. Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1995. Print.

_____________. “Halagahang Filipino sa Literaturang Pambata sa mga Teksbuk sa Filipino ng Paaralang Assumption Antipolo sa Ilalim ng Basic Education Curriculum” M.A. Tesis. Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2008. Print.

Evasco, E. “Mga Saranggola sa Tag-ulan: Ang Poetika at Estetika ng Pag-akda para sa mga Bata,” Di nakalathalang disertasyon. Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2007. Print.

Fleer, M., Hedegaard, M., Tudge, J. Eds. “Childhood Studies and the Impact of Globalization: Policies and Practices at Global and Local Levels,” 2009 *World Yearbook of Education*. New York: Routledge, 2009. Print.

Hoewisch, Allison. “Children’s Literature in Teacher-Preparation Programs.” 2000. Web. 20 May 2007. <http://www.readingonline.org/past/past-index.asp.? HREF= /critical/hoewisch/index.html>.

Hunt, P., “Children’s Literature and Childhood,” in Kehily, M.J. ed *An Introduction to Childhood Studies.* New York: Open University Press, 2004. Print.

International Research Society for Children’s Literature, “Bind Us Together,” 2008. Print.

Jenks, C. “Constructing Childhood Sociologically,” in Kehily, M.J. ed *An Introduction to Childhood Studies.* New York: Open University Press, 2004. Print.

Kehily, Mary Jane, ed. *An Introduction to Childhood Studies*. New York: Open University Press, 2004. Print.

Joosen, V. and K. Vloeberghs. (2006) Introduction, *Changing Concepts of Childhood and Children’s Literature*. New Castle, UK: Cambridge Scholars Press, 2006. Print.

Meek, M. Introduction, Hunt, P. ed *International Companion Encylopedia*. Print.

Parreñas, R. *Children of Global Migration, Transnational Families and Gendered Woes*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2006. Print.

*Pilandokan, Konteksto at Kritisismo ng Panitikang Pambata*, di nalimbag na sourcebook, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2010. Print.

Prout, A. *The Future of Childhood*. London and New York: Routledge Falmer, 2005. Print.

Socco, Maria Eliza. "The Aklat Adarna Children's Book Series" B.A. Thesis. College of Mass Communication, University of the Philippines Diliman, 1986. Print.

Soriano, Ma. Bettina. "Social Values Depicted in the Aklat Adarna's International Edition Series: A Content Analysis." B.A. Thesis. Institute of Library Science, University of the Philippines Diliman, 1997. Print.

Vygotsky, Lev. *Thought and Language*, Cambridge. MA: MIT Press, 1962. Print.

Woodhead, M. "Reconstructing Developmental Psychology, Some First Steps", *Children and Society* 13.1 (1999): 3-19. Print.

Yanilla, Lalaine F. "Values as Reflected in Philippine Children's Stories from 1960-1989". M.A. Thesis. College of Arts and Letters, University of the Philippines Diliman, 1991. Print.

Zipes, Jack. *Fairy Tales and the Art of Subversion*. New York: Routledge, 1983,1991. Print.

### *Mga aklat pambata:*

Bellen, Christine. *Filemon Mamon*, guhit ni Moss, J. Lungsod Quezon: Adarna House, Inc., 2004. Print.

Canon, Kristine. *Ang Tahimik na Mundo ni Bunso*, guhit ni Alcaraz, F. Lungsod Quezon: LG & M Corporation, 2008. Print.

Coroza, Michael. *Imbisibol Man ang Tatay*, guhit ni Albano, K. Maynila: Lampara Publishing House, 2009. Print.

Dela Cuesta, Sheila. *Junior*, guhit ni Manacsa, N. Maynila: Lampara Publishing House, Inc. (Unang gantimpala, maikling kathang pambata, 2007 Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature.) 2010. Print.

Molina, Russel. *Ang Madyik Silya ni Titoy*, guhit ni Nada, M. Lungsod Quezon: Adarna House, Inc., 2002. Print.

Papasin, Bimbo. *Nasaan si Nanay, Nasaan si Tatay*? Guhit ni Sarmiento, J. San Pablo City, Laguna: Atikha Overseas Workers & Communities Initiative Inc., 2010. Print.

Rivera, Auggie. *Ang Lihim ni Lea*, guhit ni Madueño, G. Lungsod Quezon: Soroptimist International of Hope Baguio, 2007. Print.

Samar, Edgar. *Uuwi na ang Nanay Kong si Darna*, guhit ni Molina, R. Lungsod Quezon: Adarna House, Inc., 2002. Print.